KAPASIYAHAN BILANG 93-90

KAPASIYAHAN NA NAGLALAYONG LUMIKHA NG MUNTINLUPA RABIES CONTROL COUNCIL (MRCC).

*****************************************************************

Ipinanukala ni: Kgg. Arturo S. Bunyi

*****************************************************************

SAPAGKAT, ang aspetong kalusugasn ng mamamayan ay lubhang mahalaga at isa sa pangunahing pangangailangang dapat bigyan ng positibong hakbang ng alinmang pamahalaang lokal;

SAPAGKAT, isa sa kapangyarihang ipinagkaloob ng batas sa Sangguniang Bayan ay ang paglikha o pagpapatupad ng tuntunin para sa pangangalaga ng mamamayan nito laban sa sakit o epidemya;

SAPAGKAT, sa alinmang barangay sa ating bayan ay laganap at nakagawian na ang pag-aalaga ng hayop na karamiha'y walang saksak laban sa rabies na lumalabas sa pag-aaral na isang pangunahing sanhi ng epidemya sa ating bansa;

SAPAGKAT, upang ang tamang pamamahala at pangangalaga ay maisakatuparan karapat-dapat lamang na lumikha ng isang konsehong magpapatunay at magsasagawa ng pag-aaral ukol dito;

NGAYON, DAHIL DITO, pinagpasiyahan ng Sangguniang Bayan ang mga sumusunod:

SEKSIYON 1. Ang pagtatatag ng Muntinlupa Rabies Control Council na siyang makakatuwang ng Pamahalaang Bayan sa pangangalaga ng kapakanang pangkalusugan ng mga mamamayan nito;

SEKSIYON 2. Ang nasabing konseho ay kabibilangan ng Punongbayan bilang Tagapangulo, Tagapangulo ng Lupon ng Kalusugan ng Sangguniang Bayan at Municipal Health Officer bilang pangalawang Tagapangulo at ng iba pang maaaring italaga ng Punongbayan mula sa sektor Pang-Edukasyon, Non-Governmental Organization, at barangay bilang mga kasapi, at ang lahat ng miyembro ng Sangguniang Bayan bilang mga kasapi pa rin.

Pahina - 2 -
Kapasiyahan Bilang 93-90

SEKSIYON 3. Ang mga nabanggit na bubuo ng Muntinlupa Rabies Control Council ay walang tatanggaping kompensasyon at ang pondong kakailanganin para sa operasyon nito ay magmumula sa Local Health Board na may tuwirang superbisyon dito.

**PINAGPASIYAHAN NG BUONG PAGKAKAISA** ng Lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan sa kanilang ika-53rd na regular na pulong na ginanap ngayong ika-30 ng Agosto, 1993.

PINATOTOHANAN:

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L.MARTINEZ
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan



KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. REYNALDO A.ABAS,JR.
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong-Bgy.

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS,JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sang. Kabataan

PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan